2022.6.1

# COVID-19 Vaccine Information (3rd Dose)

Ang mga ginagamit na bakuna sa Japan ay may mataas na epekto laban sa COVID-19. Ngunit bumababa ang epekto nito sa paglipas ng panahon.

Sa Gifu Prefecture, hinihikayat na magpabakuna ng 3rd Dose (booster) ang mga residenteng 12y/o pataas na nakumpleto ang 1st at 2nd dose upang maiwasan ang COVID-19 infection at cluster outbreaks pagkatapos magpabakuna.

（※）Ang mga 12~17y/o ay maaari nang makakuha ng 3rd Dose (booster). (Pfizer lamang)

（※）Para sa mga 18y/o pataas, maaaring gamitin ang Pfizer, Takeda- Moderna at ang bagong Takeda (Novavax).

# COVID-19 Vaccine（1st at 2nd Dose）

## Target na Tao

Mga 12y/o pataas na nais makatanggap ng bakuna. (hindi kasali ang mga 11y/o pababa）

※Pfizer, Takeda- Moderna ay para sa mga 12y/o pataas

※Takeda (Novavax) ay para sa mga 18y/o pataas

※Astra Zeneca ay para sa mga 40y/o pataas

## Saan at Kailan (venue)

Ang vaccination period ay hanggang sa katapusan ng Setyembre 2022.

Bilang general rule, gagawin ang pagpapabakuna sa medical institutions at vaccination venues ng munisipyo kung saan ka naka rehistro na residente.

Para sa mga detalye, mangyaring kunin ang impormasyon sa iyong munisipyo (Public Relations).

## Proseso para makuha ang Vaccine

Bago ang araw ng bakuna, makakatanggap ka ng “vaccine ticket” at “vaccine notice” mula sa iyong munisipyo. Mangyaring i-check muna ang impormasyon na ilalabas ng mga medical institutions at munisipyo (Public Relations, atbp.) bago magpareserba sa pamamagitan ng telepono o Internet

## Vaccine Fee

LIBRE ang vaccine.

## Preventive effect ng Vaccine

Ang kasalukuyang naaprubahang Pfizer vaccine ay naiulat na 95% epektibo laban sa covid infection pagkatapos ng dalawang doses/shots (ang 2nd dose ay 3 weeks pagkatapos ng 1st dose), at ang bakunang Takeda- Moderna ay dalawang doses/shots (ang 2nd dose ay 4 weeks pagkatapos ng 1st dose). (*Ang Influenza Vaccine ay 40％～60％）

## Kaligtasan ng Vaccine

Pagkatapos ng pagbabakuna, maaaring makaranas ng side- effects tulad ng pananakit sa parte ng pinagbakunahan, lagnat atbp. Ngunit ang karamihan ay gumagaling pagkatapos ng ilang araw.

Ang seryosong side- effect, anaphylaxis*, ng Pfizer vaccine ay naiulat na sa loob ng 1 milyong katao meron 5 katao nagkaroon nito. Ngunit, mayroong nakahandang mga gamot sa venues para agad itong matugunan.

*Severe allergic reaction sa sangkap ng bakuna na maaaring maganap sa maikling panahon.

## Kapag ang pagbabakuna ay nagdulot ng problema sa kalusugan

Kung ang pagbabakuna ay nagdulot ng problema sa kalusugan at nangangailangan ng paggamot sa medikal na institusyon o kung mayroon kang kapansanan, maaari kang makatanggap ng tulong (mga benepisyo tulad ng medikal na gastos, Disability Pension, atbp.) batay sa Vaccination Law.